- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Distrito ng mga Serbisyong Pangkomunidad ng Phelan Pinon Hills

Bumoto para sa hindi hihigit sa Tatlo

- ◯ **MATT COVINGTON**
  May-ari ng Maliit na Negosyo
- ◯ **KEN ANDERSON**
  Tagapamahala ng Proyekto ng mga Pasilidad
- ◯ **IDILIO SANCHEZ**
  May-ari ng Lokal na Negosyo
- ◯ **GREGORY SCOTT SNYDER**
  Propesyonal sa Tubig
- ◯ **DEVON D. GUSTAFSON**
  May-ari ng Lokal na Negosyo
- ◯ **JEANNA MILLS**
  May-ari ng Negosyo
- ◯ **ANDREW "ANDY" MINNALA**
  May-ari ng Negosyo / Tagakabit ng Tubo
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Distrito ng mga Serbisyong Pangkomunidad ng Wrightwood

Bumoto para sa hindi hihigit sa Tatlo

- ◯ **WES ZUBER**
  Lokal na Negosyante
- ◯ **JASON AGRAZ**
  May-ari ng Negosyo
- ◯ **RUSS DREW**
  Retirado / Boluntaryo sa Komunidad
- ◯ **ERIN C. DEGROOT**
  Ina / May-ari ng Negosyo
- ◯ **DAVID E. SCHOENWETTER**
  Itinalagang Nanunungkulan
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 2, Water District ng West Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **DAN JENKINS**
  Nanunungkulan
- ◯ **CAROLINA VERDUZCO**
  Negosyante
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 3, Independiyenteng Distrito ng Bumbero ng Chino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **TOM HAUGHEY**
  Independiyenteng Distrito ng Bumbero ng Chino Valley, Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 3
- ◯ **LORING WILLIAMS**
  Retiradong Kapitan ng Bumbero
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Distrito ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Komunidad ng Bear Valley

Bumoto para sa hindi hihigit sa Dalawa

- ◯ **PETER BOSS**
  Nanunungkulan
- ◯ **AMBER LYNN GONZALEZ**
  Itinalagang Nanunungkulan
- ◯ **SHELLY JEAN EGERER**
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Distrito ng Pangangalagang Pangkalusugan ng East Kern

Bumoto para sa hindi hihigit sa Dalawa

- ◯ **LOIS PERALTA**
  Nanunungkulan
- ◯ **LESLIE O'NEILL**
  Retiradong Rehistradong Nars
- ◯ **KAREN MACEDONIO**
  Nanunungkulan
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 4, Ahensiya ng mga Utility ng Inland Empire

Bumoto para sa Isa

- ◯ **RICARDO QUINTANA III**
  Direktor ng Operasyon ng Pasilidad
- ◯ **VICTOR HUGO RODRIGUEZ**
  Retiradong Propesyonal sa Serbisyo ng Tubig
- ◯ **EVERETTE WAYNE RICHARDSON**
  May-ari ng Maliit na Negosyo
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 1, Water District ng Munisipalidad ng San Bernardino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **JONATHAN LEE**
- ◯ **JOSE VELASQUEZ**
  Itinalagang Direktor, Dibisyon 1, Water District ng Munisipalidad ng San Bernardino Valley
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 3, Water District ng Munisipalidad ng San Bernardino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **AMY MALONE**
  Kasangguni sa Relasyong Pampubliko
- ◯ **DAVID E. MLYNARSKI**
  Miyembro ng Lupon ng Serbisyo ng Tubig
- ◯ **JESUS MEDINA**
  Tagapag-ugnay ng Proyekto sa Rehabilitasyon
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 5, Water District ng Munisipalidad ng San Bernardino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **PAUL RICHARD KIELHOLD**
  Nanunungkulan
- ◯ **KEITH T. COLLIER**
  Nakatataas na Tagapayo sa Tubig
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 1, Distrito ng Libangan at Parke ng Hesperia

Bumoto para sa Isa

- ◯ **SHERRI "SHERRI K" KASTILAHN**
  Abogado
- ◯ **SHAWNA R. LUPTON IRISH**
  Distrito ng Libangan at Parke ng Hesperia, Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 1
- ◯ **RHONDA JUNE YOUNG**
  Retirado sa Serbisyo sa Customer
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 3, Distrito ng Libangan at Parke ng Hesperia

Bumoto para sa Isa

- ◯ **DON BARTZ**
  Pangkalahatang Tagapamahala ng mga Parke
- ◯ **JOSE GONZALEZ**
  Miyembro ng Lupon
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 5, Distrito ng Libangan at Parke ng Hesperia

Bumoto para sa Isa

- ◯ **GARY "GRIZ" DRYLIE**
  Retirado sa Hukbong Panghimpapawid
- ◯ **JAMES MICHAEL RODRIGUES**
  Retirado sa Hukbong Panghimpapawid
- ◯ **JAMES ROBERTS III**
  Distrito ng Libangan at Parke ng Hesperia, Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 5
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Ahensiya ng Tubig ng San Gorgonio Pass

Bumoto para sa Isa

- ◯ **ASHLEIGH PIPPENGER**
  Nanunungkulan
- ◯ **ROBERT GRANT YBARRA**
  Presidente ng Ahensiya ng Tubig ng San Gorgonio Pass
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 4, Ahensiya ng Tubig ng San Gorgonio Pass

Bumoto para sa Isa

- ◯ **NICHOLAS HUGHES**
  Direktor, Distrito ng Libangan at Parke ng Beaumont-Cherry Valley
- ◯ **DELLA CONDON**
  Retiradong Katulong na Superintendente
- ◯ **MATTHEW "BOOMER" SHANNON**
  Tagapagpaganap ng Kumpanya ng Teknolohiya
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 6, Ahensiya ng Tubig ng Mojave

Bumoto para sa Isa

- ◯ **RON HAEFELE**
- ◯ **JESSE R. RAMIREZ**
  Superintendente ng Operasyon
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 7, Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng Chino Basin

Bumoto para sa Isa

- ◯ **DAVID WARREN**
  Retiradong Propesyonal sa Serbisyo ng Tubig
- ◯ **RANDY LEE**
  Propesyonal na Inhinyero sa Serbisyo ng Tubig
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 4, Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng San Bernardino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **JOHN LONGVILLE**
  Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng San Bernardino Valley, Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 4
- ◯ **VINCENT LASTER**
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 5, Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng San Bernardino Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **MELODY A. HENRIQUES MCDONALD**
  Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng San Bernardino Valley, Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 5
- ◯ **SCOTT OLSON**
  Retiradong Propesyonal sa Serbisyo ng Tubig
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 3, Water District ng Beaumont-Cherry Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **DANIEL SLAWSON**
  May-ari ng Negosyo sa Inhinyeriya
- ◯ **NOAH VALDIVIA**
  Pampublikong Administrador
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Water District ng Crestline Village

Bumoto para sa hindi hihigit sa Tatlo

- ◯ **CORY WAYNE HUBBELL**
- ◯ **ROBERT W. BLOCK**
  Pangkalahatang Tagapamahala
- ◯ **LESLIE BRISTER**
  Nanunungkulan
- ◯ **STEVEN FARRELL**
  Nanunungkulan
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Water District ng East Valley

Bumoto para sa hindi hihigit sa Tatlo

- ◯ **RONALD L. COATS**
- ◯ **JEFF SAKS**
  Retiradong Guro
- ◯ **PHILLIP R. GOODRICH**
  Nanunungkulan
- ◯ **JAMES MORALES JR**
  Miyembro, Water District ng East Valley, Lupon ng mga Direktor
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 1, Water District ng Hi-Desert

Bumoto para sa Isa

- ◯ **MIKE W. HAYWARD**
  Retiradong Tagapamahala sa Pagbili
- ◯ **SHARON A. ROSE**
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Water District ng Indian Wells Valley

Bumoto para sa hindi hihigit sa Dalawa

- ◯ **L. SCOTT HAYMAN**
  Chiropractor
- ◯ **TERESA DAMPIER**
  May-ari ng Maliit na Negosyo
- ◯ **DAVID SAINT-AMAND**
  Nanunungkulan
- ◯ **STAN RAJTORA**
  Nanunungkulan
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Water District ng Running Springs

Bumoto para sa hindi hihigit sa Tatlo

- ◯ **TOMMY ARNOLD**
  Realtor
- ◯ **LAURA DYBERG**
  Nanunungkulan
- ◯ **EVE K. SINCLAIR**
  Itinalagang Miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Water District ng Running Springs
- ◯ **CAROLINE V. RIMMER**
- ◯ **ANDY GRZYWA**
  Hepe ng Bumbero
- ◯ **BILLY MILLIGAN**
  Tagapamahala ng Pagsasanay
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Dibisyon 2, Water District ng Yucaipa Valley

Bumoto para sa Isa

- ◯ **ROBERT CRUSE**
  Retiradong Manggagawa ng Munisipyo
- ◯ **NYLES O'HARRA**
  Nanunungkulan
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Miyembro, Lupon ng mga Direktor, Distrito ng Sanitasyon ng Crestline

Bumoto para sa hindi hihigit sa Dalawa

- ◯ **NIKI RENE WIESSNER**
  Nanunungkulan
- ◯ **RAQUEL J. COMSTOCK**
  Itinalagang Miyembro ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Sanitasyon ng Crestline
- ◯ **RICK DEVER**
  Retiradong Tagapamahala ng Serbisyo ng Maruming Tubig
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)
- ◯ (Isulat ang Pangalan ng Kandidato)

Mga Panukalang Isinumite sa mga Botante

Proposisyon 1

PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA MGA PROGRAMA SA PAGIGING ABOT-KAYA NG PABAHAY. BATAS SA LEHISLATURA. Pinahihintulutan ang $11.25 bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon ng estado para sa mga programa sa pagiging abot-kaya ng pabahay, kasama ang inuupahang pabahay para sa maraming pamilya, mga sangla sa pabahay para sa mga beterano, sumusuportang pabahay, preserbasyon ng umiiral na abot-kayang pabahay, at tulong sa paunang bayad. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na $500 milyon hanggang $600 milyon bawat taon para sa humigit-kumulang 25 taon para mabayaran ang bono sa pabahay. **Mga Tagasuporta:** US Vets; CA Federation of Teachers; Self-Help for the Elderly; Habitat for Humanity CA; CA Alliance of Child & Family Services **Mga Katunggali:** Walang naisumite

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 2

PINAPATAAS ANG PONDONG NAKALAAN NG ESTADO PARA SA PANAHON NG PANGANGAILANGAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA. Pinapataas ng California ang Pondong Nakalaan para sa Panahon ng Pangangailangan, na inaprubahan ng mga botante noong 2014, para magbigay ng pagpopondo para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, pampublikong kaligtasan, at iba pang mahalagang serbisyo sa panahon ng paghina ng ekonomiya. **Epekto sa Pananalapi:** Magiging mas mataas ang mga reserba sa badyet ng estado. **Mga Tagasuporta:** CA Professional Firefighters; LA Chamber of Commerce; Gavin Newsom; Xavier Becerra; Assemblymember Jesse Gabriel **Mga Katunggali:** Walang naisumite

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 3

NAGBIBIGAY NG PERMANENTENG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAARALAN AT PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPALAWIG NG KASALUKUYANG BUWIS SA MGA MATAAS ANG KITA. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA. Gumagawa ng mga permanenteng antas umiiral na ng buwis na inaprubahan ng botante para sa mga indibidwal na kumikita ng higit sa $371,000 (taon-taong isinasaayos para sa implasyon). Naglalaan ng mga kita sa buwis para sa pampublikong edukasyon. **Epekto sa Pananalapi:** Nagpapanatili ng $5 bilyon hanggang $15 bilyon ng taunang kita mula sa buwis sa kita ng estado sa pamamagitan ng paggawang permanente ng pansamantalang pagtaas ng buwis sa mga mataas ang kita sa halip na hayaan itong mawalan ng bisa sa 2031. **Mga Tagasuporta:** California Teachers Association; CA School Nurses Organization; California State PTA; Planned Parenthood Affiliates of CA Mga **Katunggali:** California Taxpayers Association; Family Business Association of California; California Hispanic Chambers of Commerce

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 4

PINAPAWALANG-BISA ANG PAGBABAWAL LABAN SA PAMPUBLIKONG PAGPOPONDO NG MGA KAMPANYA SA HALALAN. BATAS SA LEHISLATURA. Pinapawalang-bisa ang pagbabawal sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan na nag-aalok ng pampublikong pagpopondo ng mga kampanya sa halalan ng kandidato. Ang mga pampublikong programa sa pagpopondo ay hindi maaaring gamitin ang mga pondong nakalaan para sa edukasyon, transportasyon, o pampublikong kaligtasan. **Epekto sa Pananalapi:** Mga patuloy na gastos sa estado na ilang daang libong dolyar bawat taon upang sagutin ng Komisyon sa mga Patas na Kasanayan sa Pulitika ang mga tanong mula sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan tungkol sa mga pampublikong programa sa pagpopondo ng kampanya. **Mga Tagasuporta:** League of Women Voters of CA; California Nurses Association; Mental Health Advocacy; Social Security Works; Consumer Watchdog Mga **Katunggali:** California Taxpayers Assn; Howard Jarvis Taxpayers Assn; Family Business Assn of California; United Latinos Action

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 5

BINABAGO ANG PROSESO NG HALALAN NA PAGPAPAALIS PARA SA MGA OPISYAL SA BUONG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, inihahalal ng mga botante ang mga pamalit na kandidato kasabay ng halalan na pagpapaalis. Sa panukalang ito, pinupunan ang mga bakanteng puwesto mula sa pagpapaalis sa pamamagitan ng kasunod na espesyal na halalan o pagtatalaga. **Epekto sa Pananalapi:** Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi. Kung may pagpapaalis, mga matitipid o gastos na milyon-milyong dolyar para isagawa ang halalan depende sa puwestong may pagpapaalis. **Mga Tagasuporta:** Walang naisumite **Mga Katunggali:** Walang naisumite

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 37

GUMAGAWA NG PROGRAMA NG PAUTANG PARA SA MGA MAY KATAMTAMANG KITA NA BUMIBILI NG MGA KWALIPIKADONG BAGONG BAHAY. BATAS SA INISYATIBA. Pinapahintulutan ang $25 bilyon sa mga bono para mag-alok sa mga karapat-dapat na bumibili ng mga pautang sa pabahay na may nakapirming interes na rate para sa hanggang 17% ng presyo ng pagbili para sa bagong tayong bahay na may presyong mas mababa sa humigit-kumulang $1.5 milyon. Ang mga nanghihiram ay dapat na residente ng California, tumira sa bahay, makatugon sa mga limitasyon sa kita, at magbayad ng hindi bababa sa 3% paunang bayad. Ang mga bono ay muling binabayaran ng mga pagbabayad sa sangla sa pabahay, hindi ng Estado. **Epekto sa Pananalapi:** Walang direktang pang-estado o lokal na gastos. **Mga Tagasuporta:** United Nurses Associations of California; California Conference of Carpenters; California State Treasurer Fiona Ma **Mga Katunggali:** Walang naisumite

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 38

PINAHIHINTULUTAN ANG MGA BONO PARA SA MEDIKAL NA PANANALIKSIK SA IMMUNOLOGY. BATAS SA INISYATIBA. Pinahihintulutan ang $8.4 na bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon para sa pananaliksik sa immunology at immunotherapy, kalahati sa iisang hindi nagtutubo na institusyon sa medikal na pananaliksik na kaanib ng Unibersidad ng California, kalahati sa mga pondo sa pananaliksik. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na gastos ng estado na $500 milyon hanggang $600 milyon taon-taon para sa humigit-kumulang 20 taon para bayaran ang bono sa pananaliksik, kung saan mababawi ang ilan o lahat ng gastos kung magkakaroon ng kita ang pinondohang pananaliksik. **Mga Tagasuporta:** Michael J. Fox Foundation; Alzheimer's Los Angeles; Kidney Cancer Assoc; American Nurses Assoc\CA Mga **Katunggali:** Robert M Kaplan Ph.D.

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 39

PINAGBABAWALAN ANG MGA MAMAMAYAN NA BUMOTO MALIBAN KUNG MAGPAPAKITA SILA NG ID NA INISYU NG PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA. Pinapawalang-bisa ang mga balota sa koreo na walang huling apat na digit ng itinalagang numero ng ID na inisyu ng pamahalaan na nakasulat sa sobre. Ipinagbabawal ang pagboto sa personal nang hindi nagpapakita ng ID na inisyu ng pamahalaan. **Epekto sa Pananalapi:** Mga gastos na nasa pagitan ng sampu-sampung milyong dolyar at nasa mababang bilang ng daan-daang milyong dolyar bawat taon para ipatupad ang mga bagong kinakailangan sa pagboto. **Mga Tagasuporta:** The Transparency Foundation; Latino American Political Assn; Howard Jarvis Taxpayers Assn; CA Women's Leadership Assn **Mga Katunggali:** ACLU California Action; Common Cause; League of Women Voters of California

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

Proposisyon 40

NAGPAPATAW NG ISANG BESES NA BUWIS SA ILANG PARTIKULAR NA NAGBABAYAD NG BUWIS. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA AT BATAS SA INISYATIBA. Nagpapataw ng 5% buwis sa ilang partikular na nagbabayad ng buwis na may mga ari-arian na higit sa $1 bilyon; kita na pangunahing para sa pangangalagang pangkalusugan. Ibinubukod ang mga kita mula sa mga konstitusyonal na kinakailangan para sa pagpopondo ng paaralan at limitasyon sa paggastos. **Epekto sa Pananalapi:** Pansamantalang pagtaas ng kita na umaabot sa sampu-sampung bilyong dolyar sa loob ng ilang taon mula sa buwis sa yaman ng mga bilyonaryo. Posibleng patuloy na pagbaba na mas bababa sa $1 bilyon bawat taon sa kita mula sa buwis sa kita mula sa mga bilyonaryo. **Mga Tagasuporta:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West Mga **Katunggali:** California Primary Care Association; California School Boards Association; California Taxpayers Association

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Proposisyon 41

IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO NA HINDI ISINASAMA ANG MGA KITA MULA SA LIMITASYON SA PAGGASTOS NG ESTADO. NANGANGAILANGAN NG MGA PAGSUSURI PARA SA MGA BAGONG ESPESYAL NA BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA. Pinapawalang-bisa ang mga buwis ng estado na ipinatupad pagkatapos ng Enero 1, 2026 na nagpapataw ng eksempsyon sa kanilang mga kita mula sa limitasyon sa paggastos ng estado na inaprubahan ng botante. Nangangailangan ng mga awdit bago ang halalan at umuulit na mga pagsusuri sa mga programang pinopondohan ng mga bagong espesyal na buwis. **Epekto sa Pananalapi:** Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi dahil nakadepende ito sa mga desisyon sa hinaharap ng mga botante, Lehislatura, at iba pang tagagawa ng polisiya. **Mga Tagasuporta:** CA Society of Certified Public Accountants (CalCPAs); CalAsian Chamber of Commerce; California Taxpayers Association (CalTax) **Mga Katunggali:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Proposisyon 42

IPINAGBABAWAL ANG MGA BAGONG BUWIS NG ESTADO SA PERSONAL NA ARI-ARIAN AT ILANG PARTIKULAR NA RETROAKTIBONG BUWIS NG ESTADO. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA SA INISYATIBA. Ipinagbabawal ang anumang bagong buwis ng estado na (1) ipinataw sa pagmamay-ari ng personal na ari-arian (lahat ng bagay na pagmamay-ari ng mga tao na maliban sa ari-arian), o (2) na retroaktibong nalalapat batay sa mga nakaraang aktibidad ng nagbabayad ng buwis. Ipinapawalang-bisa ang mga buwis na ipinatupad pagkatapos ng Enero 1, 2026 na sumasalungat sa panukalang ito. **Epekto sa Pananalapi:** Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis sa hinaharap. **Mga Tagasuporta:** CA Professional Firefighters; State Building & Construction Trades Council of CA; AMVETS Department of CA **Mga Katunggali:** US Senator Bernie Sanders; SEIU United Healthcare Workers West

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Proposisyon 43

NILILIMITAHAN ANG KAKAYAHAN NG MGA BOTANTE NA TAASAN ANG MGA KITA PARA SA MGA SERBISYO NG LOKAL NA PAMAHALAAN. KONSTITUSYONAL NA AMYENDA NG LEHISLATURA. Nililimitahan ang kakayahan ng mga botante na magpasa ng mga lokal na espesyal na buwis na ipinanukala ng botante sa pamamagitan ng pagtataas ng porsyento ng mga botong kailangan para aprubahan ang mga nasabing panukalang balota mula sa mayorya (higit sa 50%) hanggang sa dalawang-katlo, simula sa Enero 1, 2027. **Epekto sa Pananalapi:** Posibilidad na hindi masyadong tataas ang mga kita sa buwis ng lokal na pamahalaan sa hinaharap dahil sa mas mataas na hangganan sa boto para sa ilang partikular na buwis. **Mga Tagasuporta:** California Taxpayers Association; Family Business Association of California; California Hispanic Chambers of Commerce **Mga Katunggali:** California Professional Firefighters; California Federation of Teachers; Nurse Alliance of SEIU CA.

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Proposisyon 44

HINIHINGI NA GASTUSIN NG MGA KLINIKA SA KALUSUGAN NG KOMUNIDAD ANG 90% NG KITA SA MGA SERBISYO SA PROGRAMA. BATAS SA INISYATIBA. Nagpapataw ng mga multa sa mga hindi nagtutubo na Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga klinika sa komunidad na nagbibigay ng pangunahing pangangalaga sa mga lugar at populasyong hindi sapat na nabibigyan ng medikal na serbisyo) na gumagastos nang mas mababa sa 90% ng kita sa mga "serbisyo sa programa" na isinusulong ang kanilang layunin sa pagkawanggawa, kasama pero hindi limitado rito ang mga serbisyo sa pasyente. **Epekto sa Pananalapi:** Mas mataas na mga gastos ng estado na nasa mababang bilang ng sampu-sampung milyong dolyar kada taon, na sinasaklaw ng mga singilin. **Mga Tagasuporta:** Walang naisumite **Mga Katunggali:** American Academy of Pediatrics CA; CA School Nurses Org; CA Academy of Family Physicians; CA Medical Assoc.

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Proposisyon 45

BINABAGO ANG PAGSUSURI SA KAPALIGIRAN PARA SA ILANG PARTIKULAR NA PROYEKTO. BATAS SA INISYATIBA. Inaamyendahan ang Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) para pabilisin ang pagsusuri sa kapaligiran para sa ilang partikular na proyekto (kasama ang karamihan sa mga proyekto sa pabahay, transportasyon, tubig, at kalusugan) sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga takdang petsa para kumpletuhin ang pagsusuri sa kapaligiran at lutasin ang mga demandang hinahamon ang mga pag-apruba sa proyekto. **Epekto sa Pananalapi:** Mga inisyal na gastos para sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan, na malamang na nasa mataas na bilang ng sampu-sampung milyong dolyar—na posibleng lumampas sa $100 milyon—taon-taon, na bahagyang saklaw ng mga singilin. Hindi tiyak, posibleng higit na makabuluhang positibo o negatibong pangmatagalang epekto sa pananalapi. **Mga Tagasuporta:** California Children's Hospital Association; California Water Association; California Council for Affordable Housing **Mga Katunggali:** Coalition for Clean Air; CA Environmental Voters; Physicians for Social Responsibility, LA; National Wildlife Federation

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Bernardino

Panukala Y

Panukala para sa Abot-kayang Lokal na Kolehiyo, Pagsasanay sa Trabaho, at Pagkukumpuni. Upang mapanatili ang access sa abot-kayang edukasyon sa kolehiyo sa pamamagitan ng pagkukumpuni/pag-upgrade sa San Bernardino Valley College at Crafton Hills College; paghahanda sa mga estudyante/beterano para sa mga trabahong mataas ang pangangailangan, kabilang ang mga bihasang hanapbuhay, paglaban sa sunog, at pangangalagang pangkalusugan; pagbibigay ng ligtas na inuming tubig; pag-aalis ng asbestos at amag; pagkukumpuni ng mga sirang linya ng gas; pagkuha, pagtatayo, at pagkukumpuni ng mga pasilidad, lugar, at kagamitan; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Bernardino na nagpapahintulot ng $898,000,000 sa mga bond sa mga legal na rate, nagpapataw ng $25 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga ($56,000,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, at nangangailangan ng pangangasiwa at mga awdit?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Lungsod ng San Bernardino

Panukala Z

Upang kumpunihin/i-upgrade ang mga lumang silid-aralan, laboratoryo, teknolohiya para sa karera, at mga pasilidad ng paaralan upang suportahan ang kahandaan para sa kolehiyo/karera sa matematika, agham, inhinyeriya, sining, at mga bihasang hanapbuhay; ayusin/palitan ang mga sirang bubong, sistema ng tubo, HVAC, at mga sistemang elektrikal; at i-upgrade ang mga paaralan upang matugunan ang kasalukuyang mga kodigo sa kalusugan/kaligtasan at mapahusay ang access para sa mga may kapansanan, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Lungsod ng San Bernardino na nagpapahintulot ng $345,000,000 sa mga bond, sa mga legal na rate, na nagpapataw ng humigit-kumulang $45 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga ($22,000,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, na may pangangasiwa, mga awdit, at lahat ng pera ay lokal na kinokontrol?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Upland

Panukala A

Upang mapahusay ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng pagmomodernisa, pagtatayo, pag-upgrade, at paglalagay ng kagamitan sa mga silid-aralan, banyo/pasilidad ng paaralan, at mga silid-aralan/laboratoryo para sa teknikal na karera; palitan ang mga bubong; gumawa ng mga pagpapahusay sa kaligtasan/seguridad; at isaayos/palitan ang mga sistema ng kuryente/tubo/alkantarilya; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Upland na nagpapahintulot ng $236,700,000 sa mga bond sa mga legal na rate, na nagpapataw ng humigit-kumulang $47.50 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga (nakakalikom ng $14,200,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, na may mga awdit, independiyenteng pangangasiwa, WALANG pera para sa mga suweldo, kabilang ang sa mga administrador, at para lamang sa mga pasilidad na pang-edukasyon ng Upland USD?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Beaumont

Panukala B

Nang hindi itinataas ang kasalukuyang mga antas ng buwis, upang kumpunihin/palitan ang mga sirang bubong, sistema ng tubo, HVAC, at mga sistemang elektrikal; pahusayin ang kaligtasan/seguridad ng mga estudyante; kumpunihin/i-upgrade ang mga lumang silid-aralan, laboratoryo ng agham, at mga pasilidad para sa teknolohiya sa paaralan/karera sa mga kasalukuyang paaralan upang suportahan ang kahandaan para sa kolehiyo/karera sa mga agham pangkalusugan, inhinyeriya, at mga bihasang hanapbuhay; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Beaumont na nagpapahintulot ng $86,000,000 sa mga bond sa mga legal na rate, nagpapataw ng $20 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga ($6,000,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, na may mga awdit, pangangasiwa ng mga mamamayan, at lahat ng pera ay lokal na kinokontrol?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Barstow

Panukala C

Panukala para sa Pagkukumpuni, Kaligtasan, at Abot-kayang Mas Mataas na Edukasyon ng Kolehiyo ng Komunidad ng Barstow. Upang kumpunihin/i-upgrade ang mga silid-aralan/laboratoryo ng lokal na kolehiyo ng komunidad, mapanatili ang abot-kayang mas mataas na edukasyon sa mga silid-aralan na naghahanda sa mga estudyante/beterano para sa mga trabahong/karerang mataas ang pangangailangan, kabilang ang mga bihasang hanapbuhay, inhinyeriya, at nursing; i-update ang lumang teknolohiya ng computer at mga sistemang pang-emerhensiya; kumpunihin ang mga sirang linya ng gas/kuryente; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Barstow na nagpapahintulot ng $37,000,000 sa mga bond sa mga legal na rate, na nagpapataw ng humigit-kumulang $25 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga ($2,500,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, at nangangailangan ng pagsisiwalat ng paggastos, pangangasiwa, at mga awdit?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

County ng San Bernardino

Panukala I

PROGRAMA SA PAGPAPAHUSAY NG LOKAL NA TRANSPORTASYON Pagpapalawig sa Pagkukumpuni ng Kalsada/Pagpapagaan ng Trapiko sa County ng San Bernardino Nang hindi itinataas ang mga antas ng buwis, dapat bang pagtibayin ang isang ordinansa upang pondohan ang pagkukumpuni ng mga lubak; pagpapanatiling nasa mabuting kondisyon ang mga lokal na kalsada; pagkumpleto ng mga proyekto sa freeway/highway upang mapahusay ang daloy ng trapiko/kaligtasan at mabawasan ang pagsisikip ng trapiko; pag-upgrade ng mga lumang tulay/overpass; paglikha ng mga lokal na trabaho; pagpapanatiling mababa ang pamasahe sa transportasyon para sa mga estudyante/senior/may kapansanan/beterano, sa pamamagitan ng pagpapalawig sa ½¢ na Sales Tax para sa transportasyon na inaprubahan ng mga botante, na nagbibigay ng humigit-kumulang $250,000,000 taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante, at nangangailangan ng mga awdit, pangangasiwa, pagsisiwalat ng paggasta, at lokal na kontrol?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Needles

Panukala D

Dapat bang aprubahan ang iminungkahing amyenda sa Seksyon 503 ng Karta ng Lungsod upang taasan ang kompensasyon para sa bawat miyembro ng Konseho ng Lungsod mula $1 kada buwan patungong $150 kada buwan?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Highland

Panukala E

Upang mapanatili ang lokal na pagpopondo para sa pulisya, bumbero, at mga serbisyong pang-emerhensiya; at mapahusay ang mahahalagang imprastraktura, kabilang ang pagpapanatili ng mga kalsada, tulay, drainage, 5th Street Corridor Interchange, at iba pang proyekto sa pagpapahusay; dapat bang magpatupad ang Lungsod ng Highland ng 1¢ na Sales Tax, na nagbibigay ng humigit-kumulang $6.35 milyon taun-taon, na mananatiling may bisa hanggang sa wakasan ng mga botante, kung saan mananatili sa Lungsod ang mga pondo at malilikom mula sa mga pagbiling binabayaran ng mga bisita at residente ng Lungsod?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Chino

Panukala F

Nang hindi nagpapataw ng buwis sa mga residente, at upang suportahan ang mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod tulad ng pagtugon ng 911/pulisya; protektahan ang mga lokal na pinagkukunan ng inuming tubig; panatilihin/hikayatin ang mga lokal na negosyo; dapat bang pagtibayin ang panukala upang baguhin ang hindi napapanahong ordinansa sa lisensya ng negosyo ng Lungsod ng Chino na may mga rate na $0.60–$1.50 sa bawat $1,000 ng kabuuang kita para sa mas malalaking negosyo batay sa kategorya ng negosyo; at $25 lamang para sa mas maliliit na negosyo (mas mababa sa $75,000), na lumilikom ng humigit-kumulang $4,800,000 taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante; na may mga awdit, pagsisiwalat ng paggastos, at mga pondong lokal na kinokontrol?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Chino Hills

Panukala J

Panukala para sa mga Serbisyo ng Chino Hills: Dapat bang pagtibayin ang panukalang nagpoprotekta sa katatagan sa pananalapi ng Chino Hills at nagpapanatili ng mga serbisyo ng Lungsod, kabilang ang mga oras ng pagtugon para sa kaligtasan ng publiko; pagbabawas ng panganib ng wildfire; paghahanda para sa/pagtugon sa mga wildfire/natural na sakuna; pagtulong na maiwasan ang krimen, pagnanakaw, at pagnanakaw sa bahay; pagpapanatiling ligtas/malinis ang mga pampublikong lugar; pagprotekta sa mga mapagkukunan sa ilalim ng Clean Water Act; pangangalaga/ pagpapanatili ng open space; pagsuporta sa iba pang serbisyo ng lungsod sa pamamagitan ng pagtatatag ng 1¢ na Sales Tax, na nagbibigay ng humigit-kumulang $11,500,000 taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante; na may mga awdit, pagsisiwalat ng paggastos, at lahat ng pondo ay ginagamit sa lokal?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Upland

Panukala M

Panukala sa Pagbabago ng Lisensya ng Negosyo ng Upland Upang gawing makabago ang 31 taong gulang na buwis sa lisensya ng negosyo ng Lungsod ng Upland, nang walang pagtaas ng buwis sa mga residente, binabawasan ang mga buwis sa karamihan ng maliliit na negosyo, at tinitiyak na nagbabayad ang malalaking negosyo ng kanilang makatarungang bahagi para sa mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod tulad ng: pagkukumpuni ng mga lubak/kalsada; pagkukumpuni ng imprastraktura; at pagtugon ng 9-1-1, dapat bang pagtibayin ang panukalang may mga rate na nasa pagitan ng 0.065% at 0.2% ng kabuuang kita, na lumilikom ng $3.3 milyon sa mga lokal na pondo hanggang sa wakasan ng mga botante, at nangangailangan ng mga independiyenteng awdit?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Twentynine Palms

Panukala G

Dapat bang pagtibayin ang panukalang nagpopondo sa mga serbisyo para sa mga residente ng Lungsod ng Twentynine Palms (kabilang ang mga kinakailangan para sa pagpapanatili ng mga oras ng pagtugon ng 911 at sa emerhensiya, mga opisyal ng pulisya at pagpapatrolya; pagkukumpuni ng mga kalsada/bangketa; pagtugon sa mga pagbaha/natural na sakuna; pagpapanatiling malinis at ligtas ang mga pampublikong parke; at pag-upgrade ng kanlungan ng mga hayop) sa pamamagitan ng pagpapataw ng 1% na transaction (Sales Tax) at Use Tax, na nagbibigay ng humigit-kumulang $2,000,000 na pondo taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante, nangangailangan ng mga awdit at pampublikong pagsisiwalat ng paggastos, at nag-aatas na gamitin ang lahat ng pondo sa lokal?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Needles

Panukala K

Dapat bang pagtibayin ang panukala upang mapanatili at mapahusay ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na negosyo at trabaho; pagpapanatiling ligtas, malinis, at maayos ang mga pampublikong lugar; pagpapanatili at pagpapahusay ng mga kalsada, parke, at iba pang pampublikong imprastraktura; at pagpopondo sa iba pang pangkalahatang serbisyo ng Lungsod, sa pamamagitan ng pagtataas ng Transient Occupancy Tax ng Lungsod ng Needles na pangunahing binabayaran ng mga bisita sa hotel, motel, at panandaliang paupahan mula 10% patungong 14% nang paunti-unti, na lumilikom ng humigit-kumulang $400,000 taun-taon, na may taunang pampublikong pagsisiwalat at mananatiling may bisa hanggang sa wakasan ng mga botante?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Grand Terrace

Panukala N

PANUKALA PARA SA MGA PANGKALAHATANG SERBISYO NG GRAND TERRACE. Upang mapanatili at mapahusay ang mahahalagang serbisyo ng Lungsod—kabilang ang proteksyon ng pulisya, pagpapatrolya sa mga kapitbahayan, pagtugon sa emerhensiya ng 9-1-1, at mabilis na oras ng pagtugon—dapat bang magpatupad ang Lungsod ng Grand Terrace ng isang porsiyentong (1%) Sales Tax, na nagbibigay ng humigit-kumulang $1.2 milyon taun-taon para sa pangkalahatang paggamit ng Lungsod hanggang sa wakasan ng mga botante, kung saan mananatili sa lokal ang lahat ng pondo, na may pampublikong pagsisiwalat ng paggastos at mga independiyenteng taunang awdit?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Ontario

Panukala H

Upang mapanatili ang mga serbisyo ng bumbero, paramedic, pulisya, pagtugon ng 911, at mga programang laban sa gang; tumugon sa mga krimen laban sa ari-arian, pagnanakaw, at pagnanakaw sa bahay; linisin at panatilihin ang mga pampublikong lugar; kumpunihin ang mga kalsada/lubak; tugunan ang kawalan ng tirahan; dagdagan ang access sa abot-kayang pabahay para sa mga senior/pamilya/indibidwal; panatilihin/hikayatin ang mga lokal na negosyo; para sa mga pangkalahatang serbisyo ng Lungsod; dapat bang pagtibayin ang panukalang nagtatatag ng kalahating sentimong Sales Tax na nagbibigay ng humigit-kumulang $32,500,000 taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante, at nangangailangan ng mga awdit, pagsisiwalat ng paggastos, at lokal na kontrol sa mga pondo?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Panukala L

Upang mapahusay ang Lungsod ng Needles, kabilang ang mga kalsada at imprastraktura ng transportasyon; pagkukumpuni at muling paglalatag ng mga kalsada; pagkukumpuni ng mga lubak; pagpapanatili ng kaligtasan ng komunidad; pagpapahusay ng mga parke at pasilidad para sa libangan; at muling pagpapasigla sa Main Street sa downtown; dapat bang aprubahan ang panukala ng Lungsod ng Needles na nagpapahintulot ng $11,200,000 sa mga bond sa mga legal na rate, na lumilikom ng average na $739,971 taun-taon habang hindi pa nababayaran ang mga bond sa rate na $60 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga, na may mga taunang awdit, independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan, WALANG pera para sa mga suweldo, at lahat ng pera ay mananatili sa Needles?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Lungsod ng Colton

Panukala O

Dapat bang gawing itinalaga ang posisyon ng Ingat-yaman ng Lungsod ng Colton?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Lungsod ng Adelanto

Panukala P

Dapat bang pagtibayin ang panukala upang magbigay ng pagpopondo para sa mga serbisyo ng Lungsod ng Adelanto, tulad ng paglalatag ng mga kalsada at pagkukumpuni ng mga lubak, proteksyon ng bumbero, paramedic, at pagtugon ng 911; pagpapatupad ng batas at pag-iwas sa krimen; pagpapanatiling ligtas/malinis ang mga pampublikong lugar/parke; pagtugon sa kawalan ng tirahan; at pagkukumpuni ng mga lumang storm drain, tubo, tulay, at pampublikong lugar sa pamamagitan ng pagtatatag ng 1% na Transactions and Use Tax, na nagbibigay ng humigit-kumulang $3,000,000 taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante, nangangailangan ng mga awdit at pampublikong pagsisiwalat ng paggastos, at lahat ng pera ay lokal na kinokontrol?

◯ **OO**

◯ **HINDI**

Distrito ng Ospital ng Komunidad ng San Bernardino Mountains

Panukala Q

Upang kumpunihin at i-upgrade ang 75 taong gulang na Mountains Community Hospital, kabilang ang: pagkukumpuni ng mga sirang bubong, sistema ng tubo, kuryente, at kaligtasan; pag-upgrade/pagpapalawak ng emergency department, teknolohiyang medikal, at mga paggamot; at pagpapanatili ng lokal na access sa nakapagliligtas-buhay na pang-emerhensiyang pangangalagang medikal para sa mga aksidente, atake sa puso, stroke, at iba pang emerhensiya, dapat bang pagtibayin ang panukala ng Distrito ng Ospital ng Komunidad ng San Bernardino Mountains na nagpapahintulot ng $61,000,000 sa mga bond sa mga legal na rate, na nagpapataw ng $25 sa bawat $100,000 ng tinatayang halaga ($3,500,000 taun-taon) habang hindi pa nababayaran ang mga bond, na may independiyenteng pangangasiwa at lahat ng pera ay lokal na kinokontrol?

◯ **MGA BOND OO**

◯ **MGA BOND HINDI**

Distrito ng Libangan at Parke ng Rim of the World

Panukala R

Dapat bang magpatibay ang Distrito ng Libangan at Parke ng Rim of the World ng isang resolusyon na nagtataas sa taunang espesyal na buwis nito sa parsela mula $22 patungong $37 bawat parsela, na may taunang pagtaas na 1%, hanggang sa wakasan ng mga botante, na lumilikom ng humigit-kumulang $510,000 sa unang taon, upang mapanatili ang mahahalagang serbisyo sa libangan; mapahusay at mapanatili ang mga parke, pasilidad para sa libangan, at mga pasilidad ng komunidad; tugunan ang tumataas na mga gastos, pang-emerhensiyang pagkukumpuni, at pagbangon mula sa sakuna; kung saan mananatili sa lokal ang lahat ng pondo at gagamitin lamang para sa mga layuning ito, na may taunang awdit/pag-uulat?

◯ **OO**

◯ **HINDI**